

Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.

# Hello mula sa PAPUA NEW GUINEA!

Ang Papua New Guinea ay isang bansang isla sa Pacific Ocean. Saklaw nito ang kalahati ng isla ng New Guinea. Mahigit 8 milyong tao ang naninirahan doon!

## MGA CHAPEL

Madalas magkaroon ng mga baha sa Papua New Guinea. Kaya nakapatong sa mga stilt ang mga gusali ng simbahan doon. Pagdating ng baha, maaaring sagwanin ng mga miyembro ang kanilang bangka hanggang pintuan!



## MGA IBON SA GUBAT

Ang mga bird of paradise ay mahiyaing mga ibon sa gubat. Napakaganda at napakamakulay ng mga pakpak ng mga lalaking ibon. Ang Raggiana bird of paradise ay nasa bandila ng bansa.



Yu stap gut?

Ang ibig sabihin niyan ay "kumusta ka?" sa Tok Pisin!

## MGA PAGTITIPON PARA MAGKANTAHAN

Nagtitipon ang mga tribo sa Papua New Guinea para magkantahan, magsayawan, magbahagi ng mga tradisyon, at makipagkaibigan. Mahigit 100 tribo ang sumasali sa pinakamalaking kantahan sa bawat taon!



## MGA WIKA

Mas maraming wika sa Papua New Guinea kaysa alinmang bansa sa mundo—mga 840 wika!

MGA LARAWANG-GUHIT NI ZHEN LIU



AKTIBIDAD

## Mga Higanteng Paruparo

Nasa Papua New Guinea ang pinakamalaking klase ng paruparo! Gumawa ng sarili mong paruparo. Magtipon ng mga patpat, dahon, at bulaklak para magawa ang hubog nito. Gamitin ang ruler sa kanan para makita kung gaano kalaki ang mga pakpak ng iyong paruparo.

Haba ng pakpak ng ibong Queen Alexandra: 28 cm (11 in)

RESIPE



## Nilagang Manok

Ito ay isang tradisyonal na resipe sa Papua New Guinea. Narito ang isang bersyon na maari mong subukan!

1. Maglagay ng **2 1/2 libra** (1 kg) ng hiniwa-hiwang manok sa kaldero at magdagdag ng **1/2 kutsarang mantika**. Magdagdag ng **tig-1 kutsarita ng curry powder** at **1 kutsaritang asin**.
2. Hiwain ang **1 kamote** (o gulay na gusto mo) at **1 bungkos ng berdeng sibuyas**. Idagdag sa kalderong may **1 tasang corn kernels**.
3. Buhusan ng **1/2 tasang gata** ang mga gulay at karne. Takpan ang kaldero at pakuluin sa mahinang apoy. Pakuluin nang 30–40 minuto.

Siguraduhing magpatulong sa isang adult!